| Aralin 1 | الدرس الأول |
| --- | --- |

## Ang Najásah

Ang najásah ay bagay na kailangang iwasan ng Muslim at hugasan kapag nakapitan nito. Kailangang hugasan ang damit at katawan kapag nadiitan o nakapitan ng najásah nang sa gayon ay maaalis ito. Kung ang najásah ay nakikita gaya ha-limbawa ng dugo, walang masama kahit may matira mang bakas na mahirap maalis matapos hugasan o labhan. Kung ang najásah ay hindi nakikita, sapat nang ito ay hugasan kahit isang beses lamang.

## Ang Tahárah

Ang kahulugan ng *tahárah* ay ang kinakailangang kalini-san o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba. Tubig ang gina-gamit sa pagsasagawa ng tahárah. Ang tubig na ito ay maaaring galing sa ulan, niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa, lawa, at dagat. Maaari ring gamitin ang tubig na *musta'mal*[1] sa pagsa-sagawa ng tahárah at gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na *táhir* at nanatili at hindi nabago ang pagiging tubig. Ang táhir ay ang anumang bagay na hindi itinuturing ng Batas ng Islam na marumi o nakapagpaparumi. Ang tubig na nahaluan ng *najis*[2] ay hindi maaaring gamitin sa pagsasa-gawa ng tahárah kapag nabago ng najásah ang lasa o ang amoy o ang kulay ng tubig. Kung wala ang nabanggit na mga pagba-babago, maaaring gamitin ang tubig sa pagsasagawa ng tahárah.

Mula sa Lupa. Ang lupang nagkaroon ng najásah ay ma-giging táhir kapag nabuhusan ng tubig. Nagiging táhir din ito kapag natuyo ang najásah, kung ang najásah na ito ay likido. Kung ang najásah ay solido, hindi magiging táhir ang lupa hanggang hindi ito naaalis.

Maaari ring gamitin ang natirang tubig sa lalagyan matapos inuman, maliban sa ininuman ng aso at baboy sapagkat ang tubig na ito ay naging najis na.

---

[1] Ang tubig na nagamit sa pagsasagawa ng tahárah. Bagamat ito ay maaaring gamitin, dapat lamang gamitin ito kapag kinapos ng tubig.

[2] Ang najis ay ang anumang bagay na nagtataglay ng najásah.